

Naka-embargo hanggang 0830 Maynila (00:30 UTC) Ika-1 ng Agosto 2019

IHS Markit Philippines Manufacturing PMI®

Gumanda ang mga kundisyon noong Hulyo dahil sa paglaki ng sales

Key findings

Naging pinakamabilis ang pagdami ng mga bagong order sa loob ng anim na buwan

Tumaas ang employment sa unang pagkakataon mula noong Pebrero

Naging pinakamababa ang inflation ng presyo ng output sa loob ng dalawang taon

Nakaranas ang mga Filipino manufacturer ng pagganda ng mga kundisyon sa negosyo noong Hulyo, at naging pinakamabilis ang paglaki ng sales sa loob ng anim na buwan at nagbigay-daan ito sa kapansin-pansing paglaki ng produksyon. Tumaas din ang employment at mga pagbili ng input kumpara sa Hunyo. Kasabay nito, tumaas lang nang bahagya ang mga presyo ng pagbenta dahil nanatiling mababa ang mga pressure sa gastusin.

Ang IHS Markit Philippines Manufacturing PMI® ay tumaas mula 51.3 noong Hunyo hanggang 52.1 noong Hulyo, na naghuhudyat ng bahagyang pagganda sa kalagayan ng sektor na naging pinakamataas mula noong simula ng taon. Gayunpaman, naging mas mahina rin ito kaysa sa average na naitala sa buong kasaysayan ng series (mula noong Enero 2016).

Nakaambag sa paglago ang isang kapansin-pansing pagbilis ng pagdami ng mga bagong order noong Hulyo. Napuna ng mga kumpanya ang mas mataas na demand para sa mga mina-manufacture na produkto kumpara sa nakaraang buwan, at binigyang-diin ng ilan ang epekto ng mga bagong proyekto at mas mataas na spending power ng mga customer.


Ang pagtaas ng demand ay nanatiling domestic sa pangkalahatan, at isinaad ng pinakabagong data ang pangalawang buwang sunud-sunod na pagbaba ng mga bagong export order. May mga kumpanyang nag-ulat ng kakulangan ng mga order mula sa mga banyagang kliyente, bagama't mas mabagal nang kaunti ang pangkalahatang bilis ng pagbaba nito kumpara sa Hunyo.

Kasabay nito, kapansin-pansing lumaki ang produksyon sa mga Filipino goods manufacturer. Gayunpaman, naging mas mabagal ang paglaki kumpara sa Hunyo, sa kabila ng mas mabilis na pagdami ng mga bagong order, at naging mas mahina kumpara sa average ng survey.

Ang isang mahalagang epekto ng tumaas na demand ay itinaas ng mga kumpanya ang paggastos para sa input nang pinakamabilis sa loob ng walong buwan noong Hulyo. Gayunpaman, nagampanan ng mga supplier ang mga input order, na hindi masyadong nagbago ang mga lead time kumpara sa nakaraang buwan. May mga nabanggit tungkol sa patuloy na pagsikip ng Manila port, pero naging mas kaunti ito kumpara

ipinagpatuloy...

Philippines Manufacturing PMI
sa, >50 = pagganda mula noong nakaraang buwan



Source: IHS Markit.

Komento

Bilang komento sa data ng survey sa Philippines Manufacturing PMI, ipinahayag ni David Owen, Ekonomista sa IHS Markit, na:

"Kapansin-pansing bumili ang pagdami ng mga bagong order noong Hulyo, kaya bumaba ang pag-aalala sa mga kamakailang buwan na humihina ang manufacturing environment. Samantala, bumilis ang pagdami ng output, bagama't naging mas mahina ito kaysa sa average para sa Filipino goods-producing sector.

"Sa kabila ng biglang pagtaas ng demand, mukhang hindi naapektuhan ang mga pressure sa presyo. Tumaas lang nang bahagya ang mga presyo sa input, at gumana nang kaunti ang presyo ng palitan sa US na dolyar na tumutulong na bawasan ang epekto ng mas mataas na presyo ng raw material. Naapektuhan nito ang pinakamabagal na pagtaas ng mga presyo ng pagbenta sa mga manufacturer mula noong Hunyo 2017. Sa pangkalahatan, dapat itong makatulong na panatilihin ang matatag na paglaki ng sales kung mananatiling mataas ang mga kundisyon ng demand."

sa naitala noong unang bahagi ng taon.

Hinangad din ng mga kumpanya na bumuo ng mga stock ng mga nabili noong Hulyo. Gayunpaman, hindi masyadong mabilis ang paglaki, at iniulat ng mga negosyo na naubos nila ang mga nakaraang stock sa produksyon. Bumaba nang kaunti ang mga imbentaryo ng finished goods kumpara sa Hunyo.

Tumaas din ang employment sa mga manufacturer noong Hulyo, na nagmamarka sa unang pagtaas ng mga bilang ng trabaho mula noong Pebrero. Karaniwang pinalaki ng mga kumpanya ang kanilang lakas-paggawa para matugunan ang mas matataas na kinakailangang output, samantala ay nakaranas ang iba ng pagbaba ng employment dahil sa mga pagre-resign at mas mahinang aktibidad sa pag-hire.

Kasabay nito, naging mababa ang mga presyo sa pagbenta, at naging pinakamabagal ang pagtaas ng mga kumpanya sa kanilang mga singil sa loob ng dalawang taon. 3% lang ng mga respondent ang nag-ulat ng pagtaas na dulot ng mas mataas na sales at dagdag na gastusin.

Naging mabagal din ang inflation ng gastos sa input, sa kabila ng pagtaas nang bahagya mula noong Hunyo. Bagama't nakaranas ang ilan ng mas matataas na presyo ng raw material, ang mas magandang presyo ng palitan sa US na dolyar ay nakatulong na bawasan ang gastos.


Dahil nanatiling mabilis ang paglaki ng output at sales, nanatiling optimistic ang mga negosyo hinggil sa aktibidad sa hinaharap. Ang mga bagong produkto at development ng kumpanya ay karaniwang naging sanhi ng positibong outlook.

PMI Output Index

sa, >50 = paglago simula noong nakaraang buwan

Produksyon ng manufacturing

%yr/yr



Sources: IHS Markit, CSO.

Makipag-ugnayan

David Owen
Economist
IHS Markit
T: +44 2070 646 237
david.owen@ihsmarkit.com

Bernard Aw
Principal Economist
IHS Markit
T: +65 6922 4226
bernard.aw@ihsmarkit.com

Joanna Vickers
Corporate Communications
IHS Markit
T: +44-207-260-2234
joanna.vickers@ihsmarkit.com

Pamamaraan

Ang IHS Markit Philippines Manufacturing PMI® ay kinakalap ng IHS Markit mula sa mga buwanang questionnaire na ipinapadala sa mga purchasing manager sa isang panel ng mahigit 400 manufacturer. Ang panel ay pinagpangkat-pangkat batay sa detalyadong sector at laki ng lakas-paggawa ng kumpanya, batay sa mga kontribusyon sa GDP.

Kinokolekta ang mga tugon sa survey at sinasalamin nito ang direksyon ng pagbabago kumpara sa nakaraang buwan. Kinakalkula ang isang diffusion index para sa bawat survey variable. Ang index ay ang kabuuan ng porsiyento ng mga tugong 'mas mataas' at kalahati ng porsiyento ng mga tugong 'hindi nabago'. Ang index ay maaaring maging 0 hanggang 100, at ang isang reading na mas mataas sa 50 ay nagsasaad ng pangkalahatang pagtaas kumpara sa nakaraang buwan, at ang mas mababa sa 50 ay pangkalahatang pagbaba. Ang mga index ay ina-adjust ayon sa season.

Ang headline figure ay ang Purchasing Managers' Index™ (PMI). Ang PMI ay isang weighted average ng anumang pananagutan, responsibilidad o obligasyon ang IHS Markit para sa, o kaugnay ng, content o impormasyon ("data") na makikita rito, sa anumang pagkakamali, hindi wastong impormasyon, pagbabawas o pagkaantala sa data, o para sa anumang hakbang na isinagawa batay sa mga ito. Sa kahit na anong sitwasyon, hindi mananatag ang IHS Markit para sa anumang mga pinsalang espesyal, insidental o bunga ng hindi pagsunod sa kontrata, na magreresulta sa paggamit ng data. Ang Purchasing Managers' Index™ at PMI® ay mga nakarehistrong trade mark ng Markit Economics Limited o nakalisensya sa Markit Economics Limited. Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito.

Hindi nireberisa ang batayang data ng survey pagkatapos ng publikasyon, ngunit maaaring paminsan-minsang irebisa ang mga pana-panahong salik ng pagsasaayos kung naaangkop, na makakaapekto naman sa serye ng data na pana-panahong isinasaaayos.

Ang data ng Hunyo 2019 ay nakolekta noong 12-24 Hulyo 2019.

Para sa dagdag na impormasyon sa pamamaraan ng PMI survey, makipag-ugnayan sa economics@ihsmarkit.com.

Disclaimer

Ang mga karapatan sa intelektwal na pag-aari sa data isinaad dito ay pagmamay-ari ng, o nakalisensya sa, IHS Markit. Ang anumang hindi awtorisadong paggamit sa anumang lumalabas na data, kabilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, pagkopya, pamamahagi, pagpapadala o iba pang paraan na tulad nito ay hindi pinapahintulutan kung wala itong paunang pahintulot mula sa IHS Markit. Hindi magkakaroon ng anumang pananagutan, responsibilidad o obligasyon ang IHS Markit para sa, o kaugnay ng, content o impormasyon ("data") na makikita rito, sa anumang pagkakamali, hindi wastong impormasyon, pagbabawas o pagkaantala sa data, o para sa anumang hakbang na isinagawa batay sa mga ito. Sa kahit na anong sitwasyon, hindi mananatag ang IHS Markit para sa anumang mga pinsalang espesyal, insidental o bunga ng hindi pagsunod sa kontrata, na magreresulta sa paggamit ng data. Ang Purchasing Managers' Index™ at PMI® ay mga nakarehistrong trade mark ng Markit Economics Limited o nakalisensya sa Markit Economics Limited. Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito.

Tungkol sa IHS Markit

Ang IHS Markit (NYSE: INFO) ay isa sa nangunguna sa paghahatid ng mahahalagang impormasyon, analytics, at mga solusyon para sa malalaking industriya at merkado na nagpapatakbo sa ekonomiya sa buong mundo. Naghahatid ang kumpanya ng mga pinakabagong impormasyon, analytics at solusyon sa mga customer sa larangan ng negosyo, pampinansyal at pamahalaan, na nagpapahusay sa kanilang pangangasiwa at nagbibigay ng kapaki-pakinabang na kaalamang nagreresulta sa mga matalino at pinag-isipang pasya. May mahigit 50,000 customer sa mga negosyo at pamahalaan ang IHS Markit, kabilang ang 80 porsiyento ng mga kumpanya sa Fortune Global 500 at ang mga nangungunang pampinansyal na institusyon sa buong mundo.

Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito. Ang lahat ng iba pang kumpanya at pangalan ng produkto ay maaaring mga trademark ng mga may-ari ng mga ito © 2019 IHS Markit Ltd. Nakalaan ang lahat ng karapatan.

Kung hindi mo gustong makatanggap ng mga balita mula sa IHS Markit, mangyaring mag-email sa joanna.vickers@ihsmarkit.com. Upang mabasa ang aming patakaran sa privacy, mag-click [dito](#).

Tungkol sa PMI

Available na ngayon ang Purchasing Managers' Index™ (PMI®) sa higit sa 40 bansa pati na rin sa mga pangunahing rehiyon gaya ng Eurozone. Ang mga survey sa negosyo na ito ay ang mga pinakasinasubaybayan sa mundo, na pinapaboran ng mga bangko sentral, pampinansyal na merkado at ng mga taong gumagawa ng mga pangnegosyong pagpapasya nang dahil sa kakayahan nitong magbigay ng napapanahon, tumpak at madalas ay natatanging mga indicator ng mga paggalaw sa ekonomiya. Upang matuto nang higit pa, pumunta sa <https://ihsmarkit.com/products/pmi.html>.